

## Pakikipag-ugnay sa Edmonton Police Service

Dumayal ng 9-1-1 para sa mga emerhensya lamang.

Para sa mga hindi emerhensya,  
dumayal ang 780-423-4567

Pag-access sa Mobile: # 377

Bingi o Mahirap ang Pagdinig: 780-425-1231

Para sa karagdagang impormasyon,  
bisitahin: [edmontonpolice.ca](http://edmontonpolice.ca)

Kumonekta sa  
Social Media



EDMONTON  
**POLICE**  
SERVICE

[edmontonpolice.ca/KnowYourRights](http://edmontonpolice.ca/KnowYourRights)

## Kapag hininto ka o nilapitan ng isang opisyal ng EPS, ikaw ay:

- Hindi kailangang sagutin ang mga katanungan ng isang opisyal ng pulisya. Ang anumang impormasyong ibabahagi mo ay boluntaryo
- Kailangan na ipakilalanin ang iyong sarili kung lumalabag ka sa isang batas - kasama ang mga batas ng munisipyo at mga batas sa probinsiya na nangangailangan ng isang tiket na maibigay - o naaresto.
- Maaaring sabihin sa pangkalahatan, "Hindi.", kapag hiniling ng pulisya na maghanap ng iyong mga pag-aari maliban kung ikaw ay naaresto o nakakulong para sa mga alalahanin sa kaligtasan.
- Maaaring umalis maliban kung ikaw ay nakakulong o naaresto.
- Kung ikaw ay naaresto o nakakulong, mayroon kang karapatang makipag-usap sa isang abugado kaagadagad na ang mga opisyal ay mabigyan ka ng pagkapribado at kaligtasan upang magawa ito sa iyong mga kalagayan.
- May karapatang malaman ang pangalan ng isang pulis o numero ng tsapa.
- Hindi kinakailangan na bigyan sila ng pahintulot na pumasok sa iyong bahay maliban kung mayroon silang isang warrant o may agarang dahilan upang pumasok sa iyong bahay.

Ang impormasyong ito ay inilaan upang magbigay ng pangkalahatang impormasyon sa mga pakikipag-ugnayan ng isang tao at isang opisyal ng pulisya. Hindi ito isang kumpletong paglalarawan ng lahat ng mga karapatan ng isang tao. Ang impormasyon na ito ay hindi pumapalit sa payo ng isang abugado, na maaaring magbigay sa iyo ng payo na tukoy sa iyo at sa iyong sitwasyon. Dapat kang kumunsulta sa isang abugado para sa payo sa iyong sitwasyon. Kung ikaw ay naaresto, babasahin sa iyo ng pulis ang iyong mga karapatan at bibigyan ka ng isang walang bayad na numero para sa libreng ligal na payo pati na rin ang iba pang mga mapagkukunan na maaari mong makita na kapaki-pakinabang.

- Maaaring hilingin na makita ang isang kopya ng isang search warrant na nagpapahintulot sa pulisya na pumasok sa iyong bahay.
- Kinakailangan na ibigay ang iyong lisensya sa pagmamaneho, rehistro ng kotse at insurance kung itinigil ka habang nagmamaneho.
- Hindi sa pangkalahatan na may karapatang makipag-usap sa isang abugado bago kumuha ng isang pagsubok sa hininga sa kalsada.
- Maaaring mag-ulat ng isang opisyal ng pulisya sa Chief of Police o Komisyon ng Pulis ng Edmonton kung ikaw ay inabuso, tinrato ng hindi tama, o nilabag ang iyong mga karapatan.

## Alamin Ang Iyong Mga Karapatan

Gabay ng isang indibidwal kapag nakikipag-ugnay sa pulisya

EDMONTON  
**POLICE**  
SERVICE

## Mga Responsibilidad ng Opisyal ng EPS at Mga Karapatang Pampubliko

Ang pag-iwas ng krimen ay lubhang kailangan sa pagpananatili ng kaligtasan ng publiko. Ang papel na ginagampanan ng Edmonton Police Service (EPS) ay protektahan ang buhay at pag-aari, mapanatili ng kapayapaan sa publiko, at maiwasan, matukoy at malutas ang mga krimen. Kung saan hindi mapipigilan ng EPS ang krimen sa pakikipagtulungan sa komunidad, ang aming hangarin ay siyasatin ito.

Karapatan ng bawat isa na makaramdam ng ligtas. Ang pundasyon ng pagiging lehitimo ng pulisya ay ang pagtitiwala ng publiko sa pulisya at kung walang kumpiyansa ang pulis ay hindi epektibo at hindi kayang gawin ang kanilang mga trabaho. Kailangang maunawaan ng EPS ang mga problema sa kapitbahayan at makipagtulungan sa pamayanan upang maiwasan

na maganap ang mga krimen, na may layuning mapabuti ang buhay ng bawat isa sa Edmonton.

Ang mga pag-uusap sa pagitan ng isang tao at isang opisyal ng pulisya ay mahalaga sapagkat nagbibigay sila sa EPS ng impormasyon na makakatu-long malutas at maiwasan ang mga krimen. Kapag nahaharap sa isang pakikipag-ugnayan ng pulisya, ang isang tao sa pangkalahatan ay malayang umalis at magpatuloy sa kanilang paglalakbay. Hindi nito pinipigilan ang isang opisyal ng pulisya na subukang makipag-usap sa isang tao, ngunit ang isang tao ay palaging malaya na umalis maliban kung ang pulis ay may dahilan upang arestuhin o pigilan sila.

Ang mga opisyal ng pulisya ng EPS ay kailangang makihalubilo sa mga miyembro ng publiko kung nais nilang malaman ang mga pamayanan na kanilang pinaglilingkuran.

Karaniwang nagsasangkot ito ng paglapit sa isang tao at pagsisimula ng isang pag-uusap. Ang mga opisyal ng pulisya ng EPS ay sinanay na sundin ang mga patakaran na nagsusumikap na matiyak ang patas at walang kinikilingan na pag-pulis. Halimbawa, ang ulat sa pakikipag-ugnayan sa opisina sa isang pagsisiyasat sa kalye ay maisasagawa lamang kung may malinaw na batayan na maaari itong magpalawak pa ng isang pagsisiyasat o maiwasan ang krimen, kaguluhan at pagkabiktima.

Importante na alamin kung ano ang iyong mga karapatan, pati na rin kung ano ang mga tungkulin at responsibilidad ng isang opisyal ng EPS kapag nakikipag-ugnay ka sa kanila.

Ang sumusunod ay idinisenyo upang mabigyan ka ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa dapat gawin ng isang opisyal, kung ano ang hindi mo kailangan na gawin, at kung ano ang nais mong gawin sa mga sitwasyong kinasasangkutan ng pulisya.

### Kapag ang isang opisyal ng EPS ay huminto o lumapit sa iyo upang makipag-usap sa iyo, dapat silang:

- Ipakilala ang kanilang mga sarili.
- Sabihin sa iyo kung bakit ka pinahinto o kung bakit ka nila gustong kausapin.
- Kung ikaw ay naaresto o nakulong, sabihin sa iyo kung ano ang dahilan.

- Payuhan ka na maaari kang makipag-usap sa isang abugado kung ikaw ay naaresto at bigyan ka ng pagkakataon na gawin ito ng pribado at ligtas.
- Hayaan kang makaalis kung hindi ka naaresto o nakulong.
- Bigyan ka ng isang kopya ng isang search warrant kung pinahintulutan sila na hanapan ka o hanapan ang iyong tahanan.
- Kumilos nang makatuwiran at magalang sa panahon ng isang paghahanap

- Huwag gumamit ng labis na puwersa o makapinsala sa iyong pag-aari nang walang dahilan.
- Ibalik sa iyo ang iyong pag-aari sa loob ng tatlong buwan kung ang iyong pag-aari ay kinuha bilang bahagi ng isang paghahanap at hindi ka sinisingil ng isang paglabag. Kapag ang pagsisiyasat ay tumatagal ng mas mahaba sa tatlong buwan, ang isang opisyal ng pulisya ay mangangailangan ng pahintulot mula sa isang Hukom na panatilihin ang iyong pag-aari ng mas mahaba sa tatlong buwan.